Mensahe Pito

## Ang Isa Na Naihubog sa mga Mananampalataya

Babasahin sa Kasulatan: Gal. 1:15-16; 2:20; 3:29; 4:5, 19; Efe. 3:17a; 2 Cor. 3:18; Roma 8:29; 12:2a

**I. Ang Bagong Tipan ay naghahayag na si Kristo ay lubhang nauugnay sa ating panloob na katauhan at nagnanais na magkaroon ng isang subhektibong kaugnayan sa atin—Gal. 1:15-16; 2:20:**

A. Inihayag ng Diyos ang Kanyang Anak kay Pablo at sa atin—1:15-16:

1. Ang salitang *ihayag* sa Galacia 1:16 ay napakamahalaga at lubhang makabuluhan.
2. Ang ihayag ay ang ipaalam (ibunyag) o ang ipakita nang malinaw (itanghal) ang isang bagay na itinago.
3. Sa Bagong Tipan ang *inihayag* ay ginagamit sa isang malalim na paraan na may kaugnayan sa ating espiritu—Roma 1:17; 8:18; 1 Cor. 2:10; 1 Ped. 1:5; 5:1.
4. Ang paghahayag ng Diyos ng Kanyang Anak sa atin ay nasa loob natin; hindi ito panlabas kundi panloob, hindi sa pamamagitan ng panlabas na pangitain kundi isang panloob na pagkakita.
5. Ang nais ng puso ng Diyos ay ang ihayag ang Kanyang Anak sa atin upang makilala natin Siya, matanggap natin Siya bilang ating buhay (Juan 17:3; 3:16 ), at maging mga anak ng Diyos (1:12; Gal. 4:5-6).

B. Makikita natin sa Galacia 2:20 ang pinakapangunahing katotohanan ng ekonomiya ng Diyos—hindi na ako kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin:

1. Nang ipako sa krus si Kristo ayon sa ekonomiya ng Diyos, tayo ay kasama Niya; ito ay isang naisakatuparang katunayan—Roma 6:6; Gal. 2:20; 6:14.
2. Namatay na tayo sa kautusan at nabubuhay tungo sa Diyos sa pamamagitan ng organikong pakikipag-isa kay Kristo—Juan 15:4-5; 1 Cor. 6:17; Roma 12:4-5; 1 Tes. 1:1.
3. Ang "ako" sa Galacia 2:20 ay tumutukoy hindi lamang kay Pablo kundi sa bawat isa sa atin, at ang patotoo ni Pablo ay patotoo rin natin:
   a. "Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo"—b. 20a.
   b. "Hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin"—b. 20b.
   c. "Ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos"—b. 20c.
   d. "Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin"—b. 20d.
   e. "Di mawalay Ka sa akin, / Ako'y Iyong mamahalin, / Pag-ibig walang kapantay, / Kata'y pinag-uugnay! / Pag-ibig Mo'y papurihan / At pasasalamatan! / Ikaw ay akin, ako'y Iyo / Dakila'ng pag-ibig Mo."—*Mga Himno,* #152, saknong 4.

**II. Si Kristo ay ipinako sa krus (Gal. 3:1) upang tubusin tayo mula sa sumpa ng kautusan (b. 13) at iligtas tayo mula sa masamang makarelihiyong landas ng sanlibutan (1:4), at Siya ay nabuhay na muli mula sa mga patay upang Siya'y mabuhay sa atin (2:20) at maihubog sa atin sa ating paggulang.**

Mensahe Pito (pagpapatuloy)

**III. Sa Galacia 4:19, inilalahad si Kristo bilang Isa na naihuhubog sa mga mananampalataya:**

A. Si Kristo, isang buháy na tao, ay ang tuon ng ebanghelyo ni Pablo—1:16; Roma 1:1, 3-4.

B. Ang pangangaral ni Pablo ay ang ibunga si Kristo, ang Anak ng Diyos na buháy, sa mga mananampalataya—Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19.

C. Si Kristo ngayon ay nabubuhay sa loob natin, at Siya ay maihuhubog sa atin—b. 19.

D. Nagdaramdam si Pablo nang sa gayon ay maihubog si Kristo sa mga mananampalataya para sa kanilang ganap na pagkaanak—bb. 5, 19.

**IV. Sa Bagong Tipan ayon sa paggamit ni Pablo, ang salitang *hubog* ay tumutukoy sa panlabas na kahayagan ng panloob na katauhan (Fil. 2:6); kung ano tayo ay naihahayag sa ating hubog, iyon ay, sa panlabas na kahayagan ng ating panloob na katauhan.**

**V. Ang maihubog si Kristo sa atin ay ang ganap na lumago si Kristo sa atin—Gal. 4:19; Efe. 4:13-16:**

A. Una, ipinanganak si Kristo sa loob natin nang panahong tayo ay nagsisi at sumampalataya tungo sa Kanya, pagkatapos ay nabubuhay Siya sa loob natin sa ating buhay-Kristiyano (Gal. 2:20), at sa huli, maihuhubog Siya sa atin sa ating paggulang.

B. Ang maihubog si Kristo sa atin ay ang pahintulutan Siyang laganapan ang ating buong katauhan at tigmakan ang ating mga panloob na bahagi—4:19; Efe. 3:17a; Col. 3:4, 10-11:

1. Kapag naokupahan ni Kristo ang ating panloob na katauhan sa ganitong paraan, Siya ay maihuhubog sa atin—Awit. 51:6.
2. Kailangan nating pahintulutan si Kristo na tigmakan ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan; kailangan Niyang okupahan at tigmakan ang ating isip, damdamin, at pagpapasya—Fil. 2:5; Efe. 3:17a.
3. Ang maangkin ni Kristo ang ating buong katauhan ay ang maihubog Siya sa atin—Gal. 4:19.

C. Upang magawa ni Kristo ang Kanyang tahanan sa ating mga puso, kailangan Niyang makapanahan sa loob natin, at humihiling ito na pahintulutan natin si Kristo na gumawa na Kanyang tahanan sa lahat ng bahagi ng ating panloob na katauhan; ito ang maihubog si Kristo sa atin—Efe. 3:17a.

D. Ang maihubog si Kristo sa atin ay ang pahintulutan ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu na okupahan ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan—Gal. 4:19; 3:2-3, 14:

1. Hindi lamang dapat lumaganap si Kristo sa ating isip, damdamin, at pagpapasya; sa katunayan ay dapat Siyang maging ating isip, damdamin, at pagpapasya—Fil. 2:5; 1 Cor. 2:16.
2. Ang lahat ng bagay maliban kay Kristo ay kailangang maglaho, at si Kristo ay kailangang maging lahat-lahat sa atin sa ating karanasan; ito ang maihubog si Kristo sa atin.

E. Ang maihubog si Kristo sa atin ay ang maisama si Kristo sa ating buong katauhan—6:17:
   1. Sa bawat bahagi ng ating katauhan, dapat maisama si Kristo sa atin—Efe. 4:23.
   2. Kailangang malaganapan tayo at matigmakan tayo ni Kristo hanggang sa Siya ay lubusang maihalo sa atin; pagkatapos ay maihuhubog Siya sa atin—3:17a; Gal. 4:19.

F. Ang salita ni Pablo tungkol sa pagiging naihubog ni Kristo sa mga mananampalataya ay nagpapahiwatig na tayo ay nabubuoan ng Kristo—Col. 1:27; 3:4, 10-11:
   1. Si Kristo ay nabubuhay sa loob natin, Siya ay naihuhubog sa atin, at Siya ay nagiging ating pagkakabuo; si Kristo ngayon ay nabubuhay sa loob natin upang tayo ay organikong mabuoan Niya—Gal. 2:20; Col. 3:4, 10-11.
   2. Sa kalaunan, ang ating buong katauhan ay mabubuoan ng elemento ni Kristo, sapagkat bubuoan Niya ang bawat bahagi ng ating kaluluwa upang mataglay natin ang Kanyang hubog, Kanyang larawan, sa bawat bahagi ng ating katauhan—2 Cor. 3:18; Roma 8:29.

G. Ang salitang *maihubog* sa Galacia 4:19 ay tumutugma sa salitang *larawan* sa 2 Corinto 3:18:
   1. Si Kristo kalakip ang Kanyang elemento ay organikong gumagawa sa loob natin upang mataglay natin ang Kanyang hubog at maihayag ang Kanyang larawan—Roma 8:29.
   2. Ang pagiging naihubog ni Kristo sa atin ay nakasalalay sa ating pagiging natransporma tungo sa Kanyang larawan—2 Cor. 3:18.
   3. Ang ating pagiging natransporma tungo sa Kanyang larawan at ang Kanyang pagiging naihubog sa atin ay nagsasanhi sa ating maiwangis sa Kanyang larawan; ang ating pagiging naiwangis sa Kanyang larawan ay ang kinalabasan ng Kanyang pagiging naihubog sa atin—Gal. 4:19; Roma 8:29.

H. Ang maihubog si Kristo sa atin ay ang mapabago ang tatlong bahagi ng ating kaluluwa—ating isip, damdamin, at pagpapasya—12:2a; Efe. 4:23:
   1. Upang mapabago ang ating isip, damdamin, at pagpapasya, kailangang tigmakan ni Kristo ang ating isip, damdamin, at pagpapasya at halinhan ang sarili at ang sanlibutan sa ating kaluluwa ng Kanyang sarili—Roma 12:2a.
   2. Kung mapababago tayo sa ganitong paraan, ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan ay magtataglay ng larawan ni Kristo—2 Cor. 3:18; Roma 8:29.

**VI. Kailangang maihubog si Kristo sa atin upang tayo ay maging mga anak na lubos na gumulang at mga tagapagmana ng ipinangakong pagpapala ng Diyosat nang sa gayon ay gumulang tayo sa dibinong pagkaanak—Gal. 3:14, 26, 29; 4:5-6:**

A. Sinasabi ng Galacia 3:26, “Kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo Hesus"; ang pahayag na *mga anak ng Diyos* ay tumutukoy sa mga anak na lubos na gumulang.

B. Sa ilalim ng lumang tipan, ang piniling bayan ng Diyos ay itinuturing na mga sanggol; ngayon sa ilalim ng bagong tipan, sila ay itinuturing na mga anak na lubos na gumulang, na magmamana ng ipinangakong pagpapala—ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ni Kristo.

C. Kailangang gumulang si Kristo sa loob natin upang tayo ay maging mga tagapagmana para sa ganap na pagtatamasa sa Tres-unong Diyos bilang ating mana; ang Espiritu Santo ang prenda ng ating mana—Efe. 1:13b-14; 1 Ped. 1:4.

D. Kailangan tayong manalangin na dalhin tayo ng Panginoon tungo sa karanasan at pagtatamasa kay Kristo, na ipinanganak sa loob natin, ngayon ay nabubuhay sa loob natin, at maihuhubog sa atin sa ating paggulang upang tayo ay maging mga anak na lubos na gumulang at mga tagapagmana ng ipinangakong pagpapala ng Diyos at upang tayo ay gumulang sa dibinong pagkaanak.—Gal. 3:29; 4:6, 19.

*© 2024 Living Stream Ministry*